4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT– Modyul 2:
## Tara na sa Mundo ng ICT

***(Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer, internet at email)***




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikaapat na Baitang Alternative Delivery Mode**
**ICT – Modyul 2: Tara na sa mundo ng ICT (Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ngcomputer, internet at email)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marivic B. Abawag
**Editor:** Jelly M. Flores
**Tagasuri:** Filip P. Cañas
**Tagaguhit:** Fatima Preciousa T. Cabug
**Tagalapat:** Fatima Preciousa T. Cabug
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Lita T. Mijares
Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT– Modyul 2:
## Tara na sa Mundo ng ICT

***(Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer, internet at email)***

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Tara na sa mundo ng ICT (Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer,Internet at email)!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Tara na sa mundo ng ICT (Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer,Internet at email)!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay inaasahang matutunan ang mga sumusunod:

- nabibigyang-kahulugan ang ICT at ang kahalagahan nito;
- naipaliliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng kompyuter, *internet*, at *email*; at
- nakabubuo ng mga patakarang dapat sundin para sa ligtas at resposableng paggamit ng kompyuter, internet, at email.

## *Subukin*

Alam mo ba kung ano-anong mga makabagong teknolohiya meron tayo? Lagyan ng tsek ang bilang ng larawang tumutukoy sa makabagong teknolohiya at lagyan ng ekis ang hindi makabagong teknolohiya. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1



2 
CONTINENTAL

3 

4 
A M
PATROLMAN—6
AC / BATTERY · SQUELCH CIRCUIT
SQUELCH
VOLUME
REALISTIC

5




6



7



8



9


SIDE A
SIDE A
QUALITY AUDIO CASSETTE TAPE
MADE IN ENGLAND BY KAREN ARNOLD
VB
C-90

10



**Aralin 1**

# Tara na sa mundo ng ICT

***(Naipapaliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer, Internet, at email)***

Ano nga ba ang ICT? Ano ba ang tungkuling ginagampanan nito sa pang araw-araw nating buhay. Ito ba ay nakatutulong o nakasasagabal sa ating pagkatuto? Paano ba ito nakatutulong sa atin bilang mag-aaral? Ilan lamang yan sa mga katanungang sasagutin ng modyul na ito.

## *Balikan*

Muli nating balikan ang aralin tungkol sa *entrepreneur*. Lagyan ng bituin ☆ ang pangungusap na tumutukoy sa katangian ng isang mabuting entrepreneur. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pinahahalagahan nang wasto at maayos ang mga produktong paninda.

2. Pumipili ng mga mayayamang mamimili.

3. Ang mabababang mamimili ang palaging. pinahahalagahan.

4. Ginagamit ang perang kinita sa importanteng bagay.

5. Matiyaga sa pagbebenta ng mga produkto.

# *Tuklasin*

Ano ang nakikita mo sa larawan?



- Meron ba nito sa iyong paaralan?
- Ano ang tawag dito?
- Ano-ano ang makikita sa loob ng isang DepEd *Computerization Program Room*?
- Nasubukan mo na bang pumasok sa loob nito?
- Kung ikaw ay nakabisita na sa loob ng inyong *Computer Laboratory Room*, ano ang mga tuntuning sinusunod n'yo sa paggamit nito?

## Suriin

Alam mo ba?

May makabagong teknolohiya hatid ng DepEd Computerization Program (DCP).

| | |
|---|---|
|  | Ang programa ng DepEd na DCP ay naglalayong matulungan ang mga mag-aaral upang mabigyan ng kaalaman sa makabagong teknolohiya upang mapataas ang pagkatuto ng batang tulad mo lalo na sa ICT. |

Ano nga ba ang ICT?

Ang *Information and Communications Technology* o ICT ay tumutukoy sa iba't ibang uri ng teknolohiya na ginagamit sa komunikasyon upang maproseso, mag-imbak, lumikha, at magbahagi ng mga impormasyon. Ilan sa mga halimbawa nito ay radio, telebisyon, *smart phones, computer,* at internet.

Ating pag aralan  sa mga bahagi ng isang computer.

Ang **kompyuter** ay binubuo ng iba't-ibang bahagi. Ang mga ito ay nagtutulong-tulong upang makagawa nang pangunahing gawain. Ang mga bahaging ito ay tinatawag na *devices*.


**Mga Bahagi ng Computer**

- Input Devices
  1. keyboard
  2. mouse
  3. camera
- Output Devices
  1. monitor
  2. printer
  3. speaker
- Storage Devices
  - hard disk
  - compact disk

**Ang mga Bahagi ng Computer**

| Bahagi | Larawan | Gamit |
|---|---|---|
| 1. Keyboard |  | Ginagamit para mag-*type* ng mga titik, numero, at mga simbolo. |
| 2. Mouse |  | Ito ang komokontrol sa galaw ng "*on-screen pointer*" Nagsasaad ng gagawain ng computer. |

| Bahagi | Larawan | Gamit |
|---|---|---|
| 3.Desktop camera |  | Kadalasang ginagamit upang makita ang nais makausap sa *video chat* o video *conference*. Ginagamit din ito upang kumuha ng larawan. |
| 4.Central Processing Unit o CPU | System Unit   | Ito ang utak ng computer. Matatagpuan ito sa loob ng *System Unit.* Ito ang nagsasaad sa mga bahagi ng computer kung ano ang pangunahing gagawin. |
| 5. Monitor |  | Ito ay katulad ng telebisyon. Dito lumalabas sa pamamagitan ng *display* ang mga impormasyon na nanggagaling sa computer. |
| 6. Printer |  | Ginagamit ito upang maimprenta o mailimbag sa papel ang mga dokumento o larawan mula sa computer. |

| Bahagi | Larawan | Gamit |
|---|---|---|
| 7. Speaker |  | Dito lumalabas ang *sound* o tunog na galing sa computer. |
| 8.CD Drive o DVD Drive |  | Ang *CD Drive* ay maaaring gamitin upang magpatakbo ng mga programa, i-*play* ang mga *media file*, o *burn* at i -*save* ang *data.* |

**Ating Tandaan:**

Dapat maging ligtas at kapaki-pakinabang sa lahat ang paggamit ng kagamitan at pasilidad sa ICT katulad ng computer, internet, at email sa paaralan at maging sa ibang lugar.

Alamin ang mga sumusunod na mga **Panuntunan sa Ligtas na Paggamit ng Computer, nternet at email**.

- ✓ May kalakip na mga salik ang paggamit ng mga ito. Ang ilan sa mga ito ay:
  - ➢ Exposure o pagkalantad ng di naangkop na materyales.
  - ➢ Maaari kang makakita ng materyales na tahasang seksuwal, marahas, at ipinagbabawal o illegal.
- ✓ Maaring makakuha ng *virus* sa paggamit ng internet na maaaring makapinsala sa mga *files* ng computer at makasira sa maayos nitong paggana.

- ✓ Panliligalig at pananakot o *harassment* at *cyberbullying.*
- ✓ Maaari rin makaranas ng *cyber bullying* o malagay sa peligro dahil sa pakikipanayam sa mga hindi kakilala.
- ✓ Pagnanakaw ng pagkakakilanlan o *identity theft.*
- ✓ Ang naibahagi mong impromasyon ay maaari ring gamitin ng ibang tao sa paggawa ng krimen.
- ✓ Tiyakin kung aling *websites* ang maaaring bisitahin at kung gaano katagal maaaring gumamit ng computer, internet at email.
- ✓ Magpa-*install* o magpalagay ng *internet content filter.*
- ✓ Ipagbawal ang pagkain  habang gumagamit ng computer.
- ✓ Bisitahin lamang ang aprubadong *sites* sa internet.
- ✓ Sundin ang direksyon ng guro.
- ✓ Huwag mamahagi ng impormasyon tulad ng *password* ng email.
- ✓ Ipagbawal ang *chatrooms* na magdudulot ng kapahamakan.
- ✓ Gamitin lamang ang ligtas na *search engine.*
- ✓ Gumamit ng mahirap hulaan na password.
- ✓ I -*shut down* at i-*off* ang *internet connection* kung tapos na itong gamitin.

Sa paggamit ng ICT kailangang panatilihing ligtas ang mga binubuksang sites at iwasan ang mga makakasamang bagay na makakasira ng pangalan mo.

## *Pagyamanin*

Natandaan mo ba ang mga panuntunan sa tama at ligtas na paggamit ng computer, internet at email?

Halika at subukan natin kung ito ay iyong natandaan.

Tukuyin kung ang isinasaad na panuntunan sa paggamit ng computer, internet, at email sa bawat bilang ay tama o mali. Lagyan ito ng tsek (/) kung tama at ekis (x) kung mali ang impormasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

____________1. Kumain habang gumagamit ng computer.

____________2. Makipag usap sa taong di mo kilala.

____________3. Gamitin lamang ang mga ligtas na sites.

____________4. Sundin ang panuto ng guro sa paggamit ng computer.


____________5. Huwag ipamigay ang password ng email at huwag din itong kakalimutan.

## *Isaisip*

Subukang tukuyin ang larawan sa ibaba tungkol sa bahagi ng computer. Pumili ng kasagutan sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Speaker | Monitor | CPU |
| Printer | | Key board |

1.



2.



3.



4.



5.



Kung nais mong magpadala ng sulat at matangap agad ito ng pinadalhan mo ano ang iyong gagawin?

## *Isagawa*

Ano ang gagawin mo sa bawat sitwasyon.

Piliin ang hakbang na maaari mong gawin sa kolumn B. Isulat ang titik na nakalagay sa bawat bilang sa kolumn A. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| **A** | **B** |
|---|---|
| 1. Nasa ibang bansa ang iyong magulang at nais nitong makita ang iyong *report card*. | a) Sundin ang panuto na ibinigay ng guro. |
| 2. Gumawa ka ng *email address* upang makapagpadala ng email sa kaibigan. | b) Ipadala ang *report card* gamit ang email. |
| 3. May nakita kang masamang komento sa isang artista na iyong idolo. | c) Mag-*sign up* sa gmail o yahoo.mail. |
| 4. Nakigamit ka ng internet sa *computer shop*. | d) Sigurihung na *turn-off* o nai-log out ang email bago umalis sa *computer shop*. |
| 5. Nagbigay ng gawain ang guro na kailangang gumamit ng internet. | e) Iwasang magbigay ng komento upang maiwasan ang cyber bullying. |

## *Tayahin*

Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang mga Gawain.

Subukan muli ang iyong kaalaman sa pagsagot ng susunod na gawain. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**I. Pag-iisa-isa**

A. Isulat ang mga bahagi ng computer

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________
4. ____________________________
5. ____________________________

B. Magbigay ng limang tuntunin na dapat sundin sa tama at ligtas na paggamit ng computer, internet, at email.

6. ____________________________
7. ____________________________
8. ____________________________
9. ____________________________
10. ____________________________

## *Karagdagang Gawain*

Naunawaan mo na ba ang kahalagahan ng ICT sa pang araw-araw nating buhay? Upang masabayan ang mabilis na pag unlad ng ating teknolohiya ay kailangan din maging bukas ang ating isipan sa mga pagbabagong ito.

Bilang karagdagang gawain sa araling ito, nais ko na gumawa ka ng isang *collage* gamit ang mga lumang dyaryo, *brochure*, magasin, kartolina, gunting, *permanent marker*, at pandikit. Ipakita sa collage ang kahalagahan ng ICT.

Ipaliwanag ang iyong *output* sa pamamagitan ng pagsulat ng 2-4 na pangungusap.

Makakatulong ang *rubric* sa susunod na pahina upang magawa mo ng maayos ang iyong Performance Task sa araling ito.

(15 puntos)

Rubric sa Paggawa

| | 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | May kumpleto at organisadong nilalaman ang collage | kumpleto ngunit hindi organisado ang nilalaman ng collage | Hindi kumpleto at hindi organisado ang collage |
| Pagkamalikhain | Lahat ng ginamit na materyales sa collage ay resiklo ngunit maganda ang presentasyon. | May ilan sa ginamit sa collage ay bagong materyales. | Hindi gumamit ng lumang dyaryo,magasin at brochure. |
| Kalinisan | nakasusulat ng 4 na pangungusap ng malinis at gumagamit ng tamang bantas. | nakasusulat ng 3 pangungusap ng malinis at gumagamit ng tamang bantas. | nakasusulat ng 2 pangungusap ng di-gaanong malinis at gumamit ng di wastong mga bantas. |

Isa kang magaling at maaasahang bata.

Binabati kita sa iyong matagumpay at matiyagang pag-aaral sa modyul na ito.

Goodluck sa iyong pag-aaral ng susunod na modyul.

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin

| | |
|---|---|
| 1 | |
| 2 | x |
| 3 | |
| 4 | x |
| 5 | x |
| 6 | x |
| 7 | x |
| 8 | |
| 9 | x |
| 10 | |

**Isaisip**

1. printer
2. CPU
3. Monitor
4. Speaker
5. Key board

**Isagawa**

1. b
2. c
3. e
4. d
5. a

**Tayahin**

1.CPU

2. Monitor

3. Key board

4. Monitor

5. Speaker

6. Magkaroon ng malinaw na patakaran sa paggamit ng computer

7. Bawal ang pagdadala ng anumang pagkain at inumin sa loob ng computer laboratory.

8. Huwag ibigay ang password kaninuman.

9. Pumili ng password na mahirap mahulaan.

10.Gamitin lamang ang mga ligtas na search engine sa internet.

# ***Sanggunian***

Samadan, E. F. et. al. (2015). *Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan kagamitan ng mag-aaral*. Pasig City, Philippines: Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph